AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 75**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 75** |
|---|
| Theme: Ang Batang Ayaw Kumain Ng Gulay - Oras Na Upang Umuwi |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ang Batang Ayaw Kumain Ng Gulay: Oras Na Upang Umuwi**

**WRITING PROMPT LESSON 75**

**---**

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, susundan natin ang kwento ng isang batang ayaw kumain ng gulay. Sa nakaraang araw, nalaman natin ang kahalagahan ng pagkain ng gulay mula sa magandang dulot nito sa iyong katawan hanggang sa benepsiyo nito sa ating kapwa. Sa araw na ito makakabalik na kaya ang ating bida sa kanyang katawang tao? Ating alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Nag-aantay na ang bubuyog sa labas ng opisina ni Hanan. Muli kayong sumakay sa bubuyog. Matapos ang ilang minuto'y nakabalik na kayo sa iyong bahay. Isang pitik lamang ay bigla kang naging tao ulit. Isang pitik ulit ay naging matandang babae ang diwata. Ito'y kumatok sa pinto ng inyong bahay. Bumukas ang pinto at ang iyong nanay ay sumalubong sa iyo.

“Nakita ko ang bata na naglalaro sa aking hardin.” Mahagyang itinulak ka ng diwata sa iyong nanay, nagpasalamat ang iyong nanay at tinanong kung ikaw ay nananghalian na. Nagulat ka dahil tanghalian ang oras na umalis ka sa bahay at naging kambing. Paglingon mo sa likod ay nawala na ang diwatang naging matanda.

Tinanong mo sa iyong nanay ang tungkol sa kambing sa iyong kwarto at tinawanan ka lang nito. Pinaupo ka na ng nanay mo sa upuan at naghanda na siya ng panaghalian. Inilapag niya ang mangkok ng ginisang ampalaya na may itlog. Nagsorry rin ang iyong nanay dahil hindi siya nakabili ng hotdog.

Naalala mo ang pangit na lasa ng hotdog nung kambing ka pa! Ngumiti ka at sinabi, “Hindi nay, okay lang po. Masarap ito!”

Bigyang mas maraming detalye at buuin ang kwento.
•Bakit kaya nagpanggap na matandang babae ang diwata?
•Bakit kaya tanghalian pa rin nang ika’y nakabalik?
•Kung ikaw ang bida, anong mararamdaman mo kung nakalimutan ng nanay mo ang nakita niyang kambing sa iyong kwarto?
•Kung ikaw ang bida, masasabi mo rin bang okay lang ang ulam na ginisang ampalaya na may itlog?
•Sa huli, bakit mahalagang kumain ng gulay?

**III.Teacher’s Message**
Paano mo wawakasan ang ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento.

“This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.”